

ALTA CONNECTIONS

Ang Quarterly Client, Tagapagkaloob ng Serbisyo,
at Newsletter sa mga Pagbabago sa Kawani



Dagdag pa sa aming
itinatampok na alagad ng
sining na si
Morgan Marjerson ph.10

MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR

Ehekutibong Direktor Lori Banales

Manigong Bagong Taon! Umaasa ako na ang 2024 ay magdudulot sa iyo ng kagalakan, kasaganaan at mabuting kalusugan. Sa nakaraang taon, itinampok ng bawat edisyon ng Alta Connections ang mga patuloy na aktibidad na sumusuporta sa apat na mga Focus Area ng ACRC Strategic Plan (Estratehiyang Plano ng ACRC). Nagpapatuloy ang mga aktibidad na iyon, at nagsisimula ang mga bagong proyekto. Ang pakikipagsosyo sa aming komunidad ay nagpalaki sa aming mga pagsisikap at mga resulta patungo sa mga aktibidad na iyon. Ang mga artikulo sa loob ng edisyon ng Enero ay higit na naglalarawan ng mahusay na gawain at pakikipagtulungan na mayroon tayo sa ating komunidad. Ipinagmamalaki namin na sumali sa pakikipagtulungan sa mga lokal na institusyong pang-edukasyon (University of California, Davis; California State University, Sacramento; Sierra Community College) upang itaguyod ang pagtatrabaho ng mga taong pinaglilingkuran at ng mga sumusuporta sa kanila, bilang karagdagan sa pagpapahusay ng mga punto ng pag-access sa wika. Ang ACRC ay nananatiling nakatuon sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng mga pagkakataon para pataasin ang mga resulta ng pagtatrabaho ng kliyente gayundin ang DSP at ang kawani sa rehiyonal na sentro. Ang mga lugar na ito ay patuloy na may priyoridad na posisyon sa karamihan ng mga gawaing ginagawa namin.

ANO ANG NASA LOOB NG ISYU NA ITO:

- MENSAHE MULA SA PATNUGOT
- ANUNSYO - MGA PULONG SA KOMUNIDAD
- PAG-ILAW NG PUNO SA CAPITOL
- GAWAD NG INSTITUSYON SA ISIP (MIND INSTITUTE GRANT)
- KONSEHO NG TAGAPAYO SA NEGOSYO (BUSINESS ADVISORY COUNCIL)
- EKSIBISYON SA MICROENTERPRISE (MICROENTERPRISE FAIR)
- KOLEHIYO NG SIERRA (SIERRA COLLEGE)
- SULOK NG KLINIKA
- MAALAGANG KINABUKASAN - THEARC (CARING FUTURES - THEARC)
- PAGKILALA AT PAGBATI NG CAC
- GAWAD NG SAC STATE (SAC STATE GRANT)
- ARAW NI SANTA
- MGA UPDATE SA MGA SERBISYO NG KOMUNIDAD
- MGA PAGRERETIRO
- TAMPOK NA ALAGAD NG SINING

ANUNSYO

**ANG ACRC AY MAGSISIMULA SA PAG-HOST NG MGA PULONG
NG KOMUNIDAD BAWAT TATLONG BUWAN
MARKAHAN ANG MGA PETA NA PEBRERO 7, MAYO 1, AGOSTO 7, AT NOBYEMBRE 6
ALAS 11 NG UMAGA - ALAS 12 NG TANGHALI
PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON BISITAHIN ANG
[HTTPS://WWW.ALTAREGIONAL.ORG/CALENDAR](https://www.altaregional.org/calendar)**

MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR – PINAGPATULUY

Ehekutibong Direktor - Lori Banales

Noong ika-8 ng Disyembre, tinanggap ng ACRC ang mga kliyente sa lahat ng edad upang maranasan ang Santa Day sa aming opisina sa Sacramento. Lumawak ang araw na ito upang isama ang mga tradisyon at kaugalian sa piyesta opisyal na ipinagdiriwang sa buong mundo. Ang kaganapan ay tunay na tinanggap ng aming komunidad at ng aming mga tauhan. Ang aming "Santa Committee" ay nagbigay ng litrato kasama sina G. at Gng. Claus, isang stuffed toy na laruan at mga handog sa daan-daang kalahok. Ang araw ay ginawang posible sa pamamagitan ng mga pagsisikap at dedikasyon ng mga kawani ng ACRC na nakalikom ng pondo sa buong taon upang suportahan ang natatanging araw na ito. Salamat sa lahat ng dumalo. Ang araw na iyon ay kamangha-mangha! Naghahanda na kami para sa susunod na taon!

Habang inaabangan namin ang paghahanap ng mga paraan upang mapataas ang pakikipag-ugnayan sa komunidad, napakasaya naming ipinapahayag na simula sa 2024, maghahatid ang ACRC ng mga Pulong sa Komunidad kada tatlong buwan. Magiging bukas ang mga pagpupulong na ito sa mga kliyente, pamilya, at komunidad sa kabuuan bilang isang pagkakataon upang malaman ang tungkol sa mga aktibidad at inisyatiba ng sentrong pangrehiyon, gayundin upang magbigay ng pagkakataon para sa pampublikong puna. Magsisimula ang aming kada tatlong buwan na iskedyul sa Pebrero sa pamamagitan ng Zoom, mula alas 11:00 ng umaga hanggang alas 12:00 ng tanghalo. Ang mga nakatakdang petsa ay ika-7 ng Pebrero, ika-1 ng Mayo, ika-7 ng Agosto, at ika-6 ng Nobyembre. Inaasahan naming makita ka sa screen!

Bilang karagdagan sa pulong ng komunidad, maglulunsad ang ACRC ng Taunang Survey sa Kasiyahan (Annual Satisfaction Survey). Ang survey ay ibibigay sa bawat kliyente pagkatapos ng kanilang taunang IFSP o IPP. Ibibigay ang survey sa gustong wika sa elektronikong paraan o sa pamamagitan ng regular na koreo. Ang tulong sa pagkumpleto ng survey ay ibibigay kapag hiniling. Mangyaring tiyakin na kumpletuhin ang survey kapag natanggap mo ito. Ang ibinabahagi mo ay mahalaga at makakatulong sa paghubog ng karanasan sa serbisyo sa kostomer ng aming sentrong pangrehiyon.

ACRC, LUMAHOK SA IKA-92 NA SEREMONYANG PAG-IILAW NG PUNO SA CAPITOL

Sa unang pagkakataon, naimbitahan ang ACRC na palamutihan ang sarili nating puno sa Capitol Rotunda para sa seremonya. Tumulong si Bradley Margetts sa pagputol ng puno at nagkaroon ng pagkakataong makilala si Gobernador Newsom. Salamat sa aming mga kawani at bendedor para sa tulong sa paggawa ng mga palamuti.



ANG PANG-EMPLEYONG GAWAD NG INSTITUSYON SA ISIP (MIND INSTITUTE) AY SUSUBUKAN ANG PANG-INDIBIDWAL NA PAGLALAGAY AT SUPORTAHAN ANG MODELO SA MGA KLIYENTE NG REHIYONAL NA SENTRO NG ALTA CALIFORNIA

UC DAVIS
HEALTH

MIND
INSTITUTE

DR. MARJORIE SOLOMON



Ang pangkalahatang layunin ng aming proyekto ng Gawad sa Pag-empleyo ng DDS (DDS Employment Grant) ay tumulong na bumuo ng mga kasanayang nakabatay sa ebidensya sa pagbibigay ng mga suportadong serbisyo sa pagtatrabaho para sa mga indibidwal na may intelektwal at pag-unlad na kapansanan (IDD) at para sa mga may autism na gumagamit ng modelo ng Pang-indibidwal na Paglalagay at Suporta (Individualized Placement and Support o IPS). Ang IPS ay isang pinasadya (customized) na suportadong modelo ng trabaho na may pinakamalaking base sa ebidensya sa buong mundo. Pangunahin itong ginamit para sa mga indibidwal na may malalang sakit sa pag-iisip, kung saan ito ay naging napaka-epektibo, at mayroon na ngayong ilang maliliit na pagsubok ng IPS sa mga indibidwal na may IDD at may autism. Naging matagumpay din ang IPS sa mga populasyon na ito. Sa aming proyekto, iniangkop namin ang IPS upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga kliyente ng California, at upang ipakita na matagumpay na maipapatupad ang modelo sa mga ahensya ng pagtatrabaho sa komunidad na pinagsisilbihan ng Alta.

Ang IPS ay hindi masyadong naiiba sa ginagawa ng karamihan sa mga may mataas na kalidad na suportadong tagapagbigay ng trabaho na naghahanap ng mapagkumpitensyang pinagsamang trabaho para sa mga kliyente. Gayunpaman, ang modelo ay may mga natatanging aspeto na ginagawa itong lubos na epektibo. Una, sa IPS, ang mga propesyonal sa suporta sa trabaho ay parehong bumuo ng mga trabaho at gumaganap bilang mga gabay ng trabaho para sa kanilang mga kliyente. Tinitiyak nito na may magandang pagpapatuloy para sa mga kliyente at kanilang mga espesyalista sa pagtatrabaho na maaaring magkaroon din ng relasyon sa taga-empleyo ng mamimili. Pangalawa, ang mga espesyalista sa trabaho ay gumagawa lamang ng mga trabaho sa mga lugar ng interes ng mga mamimili. Pangatlo, ang IPS ay isang "paglalagay at pagsasanay" kumpara sa isang modelong "pagsasanay at paglalagay" na nangangahulugang ang layunin ay makakuha ng mga trabaho sa mga mamimili kaagad sa halip na makilahok sila sa mahabang pagsasanay na hindi humahantong sa trabaho. Sa panghuli, ang mga ahensyang nagpapatupad ng IPS ay dapat sumailalim sa masinsinang pana-panahong mga pagsusuri sa katapatan upang matiyak na naipapatupad nila nang tama ang modelo.

Noong nakaraang Pebrero nagsimula kaming magsanay ng mga kalahok na ahensya sa IPS. Apat na ahensya sa pagtatrabaho na suportado ng Alta ang lumahok bilang mga kasosyo. Ito ay ang InAlliance, On My Own Community Services, PRIDE Industries, at tkMomentum. Ang aming grupo ay may lingguhang pagpupulong kung saan tinalalakay namin ang modelo ng IPS at kung paano maghatid ng mga serbisyo nang may mabuting katapatan; mga partikular na mapaghamong kaso; magagamit na mga mapagkukunan na maaari naming ibahagi; at mga isyung nauugnay sa pagpopondo sa modelo at pagpapanatili. Ang isang katlong-buwan na panel ng stake holder ng mga autistic na nasa hustong gulang, miyembro ng pamilya, mga eksperto sa patakaran, akademya, at mga employer ay nagpupulong din upang kumonsulta sa amin sa mga isyung ito. Sa ngayon, mayroon na tayong 16 na mga kalahok. Sa ngayon, humigit-kumulang kalahati sa kanila ang nakakuha ng trabaho sa kanilang mga lugar ng interes. Sinimulan pa lang namin ang aming unang 6 na buwang pagsusuri sa katapatan at maayos ang takbo ng mga ito. Ang aming mga lingguhang pagpupulong ay gumagawa ng mga masaganang talakayan at nagtatampok ng mga hadlang sa pagkuha ng mapagkumpitensyang pinagsamang trabaho para sa aming mga kliyente. Umaasa kami na ang aming pananaliksik ay magbubunyag na ang IPS ay gumagawa ng mas mahusay na mga resulta sa trabaho kaysa sa mga serbisyo gaya ng dati at na kami ay makakaisip ng isang paraan upang isama ang mga magagamit na pondo upang suportahan ang modelo kung ito ay maging matagumpay. Lubos kaming nagpapasalamat sa pagpopondo ng DDS na nakatulong sa amin upang maisagawa ang gawaing ito.

Para sa mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan kay Jo Ann Yon Hernandez jyonh@ucdavis.edu

tk Momentum

PRIDE
INDUSTRIES

DDS Department of
Developmental
Services



KILALANIN ANG KONSEHO NG TAGAPAYOSA NEGOSYO NG HILAGANG CALIFORNIA

STEVE RUDER



Nakikipagtulungan ang Konseho ng Tagapayo sa Negosyo ng Hilagang California (Northern California Business Advisory Council o BAC) sa mga negosyo upang itaguyod ang mga pagkakataon para sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad na maging mga pinahahalagahang miyembro ng mga manggagawa. Ang koponan ng BAC ay binubuo ng mga ahensya ng pagtatrabaho na sinusuportahan ng rehiyonal na sentro, ang Kagawaran ng Rehabilitasyon at Mga Sentro ng Trabaho ng Amerika, na lahat ay tumutulong sa mga taong may mga kapansanan na makahanap ng makabuluhang trabaho. Kapag ang isang kasosyo sa BAC ay nakikipagtulungan sa isang negosyo na lumilikha ng nakaka-engganyo at sumusuportang mga oportunidad para sa mga taong may mga kapansanan, iniimbitahan ng BAC ang mga negosyong iyon na magturo sa ibang mga negosyo tungkol sa kung paano nila maipapatupad ang kanilang mga estratehiya. Kapag natutunan ng mga negosyo kung paano tumanggap ng suporta mula sa mga ahensya ng koponan ng BAC, sila ay lubos na nalulugod na magkaroon ng akses sa mga sabik na kandidato sa trabaho na kwalipikado para sa trabaho at malamang na mga pangmatagalang empleyado. Kung ikaw ay isang tagapamahala sa paghanap ng empleyado o gusto mong ikonekta ang isang tagapamahala sa BAC, mangyaring makipag-ugnayan sa aming email sa hs-bac@ucdavis.edu o kumonekta sa kanilang pahina sa LinkedIn sa <https://www.linkedin.com/company/ncalbac>

DISYEMBRE 5 - EKSEBISYON SA MICROENTERPRISE SA TANGGAPAN SA SACRAMENTO

Masaya ang ACRC na maghatid ng mga Eksibisyon sa Microenterprise na nagbibigay-daan sa mga oportunidad para sa mga kliyente na ibenta ang kanilang mga likhang sining at mga produkto. Para sa impormasyon tungkol sa mga kaganapan sa hinaharap, pakibisita ang <https://www.altaregional.org/calendar>.



EKSIBISYON SA TRABAHO SA SIERRA COLLEGE

Noong ika-7 ng Nobyembre 2023, naghatid ang Sierra College ng isang DSPCollaborative.org Disability Industry Career Expo sa kanilang Rocklin campus para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa rehiyonal na sentro. Pinahahalagahan ng ACRC ang suporta para sa pagdaraos ng isang eksibisyon sa karera na lumilikha ng kamalayan sa mga trabaho sa larangan ng kapansanan sa pag-unlad.



PAGBABAGO SA BAGONG PROGRAMA SA SIERRA COLLEGE

Ang Programa ng Sierra College sa Independyenteng Pag-aaral para sa Pagkakaroon ng Trabaho sa Kinabukasan (Sierra College Learning Independence for Future Employment o LIFE) ay magsisimula sa huling bahagi ng Tagsibol 2024 - Angel Garcia, MSW - Tagapamahala ng Programa

Sisimulan ng Sierra College ang pagpapatakbo ng programang LIFE para pagsilbihan ang 18 hanggang 26 na taong gulang na mga mamimili ng Alta California Regional Center sa isang kapaligirang kolehiyo. Ang 2024-2025 pangkat ng 12 mag-aaral ay tatanggapin ng komunidad ng Sierra College upang simulan ang programa sa campus na pinagsama ang pag-aaral, pagsasanay sa totoong mundo at mga aktibidad sa komunidad. Ang mga kalahok ay makikibahagi sa programming gamit ang kurikulum ng matuto para sa kalayaan na nagbibigay ng mga kurso sa trabaho/karera, pamamahala sa pera/pinansya, independyente at pamumuhay sa komunidad, mga opsyon sa transportasyon, kalusugan at nutrisyon, kaligtasan, kultura at pagkakakilanlan, pagbuo at pagharap sa mga relasyon sa komunidad, organisasyon at komunikasyon, at marami pang iba. Kasama rin ang pagtatayo ng mga internsyip (internship) para sa mga kalahok upang makakuha ng karanasan sa trabaho, na may layunin na makakuha ng mapagkumpitensya, pinagsamang trabaho sa pagtatapos ng apat na semestre na programa. Bukod pa rito, sasabak ang mga kalahok sa iba't ibang aktibidad sa pagsasama-sama ng komunidad sa loob at labas ng campus na nauugnay sa pagtataguyod sa sarili, kaligtasan, komunidad, pamumuhay, transportasyon, pananalapi, at higit pa. Susuportahan at hihikayatin din ang mga mag-aaral na samantalain ang mga klase na walang kredito, may kredito, at edukasyon sa komunidad na makukuha sa Sierra College. Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang website ng programang LIFE (<https://www.sierracollege.edu/academics/life-program/>) o mag-email sa LIFE@sierracollege.edu.

Kung may alam kang potensyal na aplikante o gustong mag-aplay mismo sa programa, mangyaring gamitin ang email address sa itaas upang mailagay sa listahan ng email kapag inilabas ang aplikasyon.



SULOK NG KLINIKA SHANNON MCCONNELL, RDH, BSDH TAGAPANGASIWA SA DENTAL



Sa pagninilay-nilay sa aking unang taon bilang Tagapangasiwa sa Dental ng ACRC (Dental Coordinator ng ACRC), naging isang pribilehiyo na magtrabaho katabi hindi lamang sa hindi kapani-paniwalang mga kasamahan kundi pati na rin sa aming mga kahanga-hangang kliyente at pamilya. Bagama't hindi ako pamilyar sa sistema ng Rehiyonal na Sentro nang dumating ako sa ACRC, ang aking kasaysayan bilang isang clinical dental hygienist kasama ang aking kaalaman sa pagsingil sa seguro ay naglagay sa akin sa isang natatanging posisyon upang makatulong na matiyak na natutugunan ng aming mga kliyente ang kanilang mga pangangailangan sa ngipin. Ang makapaglingkod sa populasyon ng aming kliyente ay isa sa pinakadakilang kagalakan ng aking buhay.

Ang isa sa aking mga pangunahing layunin sa nakaraang taon ay ang pagpapabuti ng mga internal na proseso upang ang aming mga tagapangasiwa sa serbisyo ay matulungan ang aming mga kliyente sa mas mabilis na pagtugon sa kanilang mga pangangailangan sa ngipin. Nakikipagtulungan din ako sa aming mga lokal na tagapagkaloob ng dental at mga plano sa ngipin upang tumulong na i-koordinang ang mga kumplikadong pagbisita sa pangangalaga sa ngipin para sa mga kliyente, maghanap ng mga de-kalidad na tagapagkaloob, at maaprubahan ang mga kinakailangang paggamot sa ngipin.

Ang mga pinakamataas na punto ng aking taon ay ang pakikilahok sa iba't ibang pagkakataon sa pag-abot, tulad ng pagbibigay ng isang masaya, interaktibong edukasyon sa klase sa oral hygiene sa Visions in Motion, isang pang-araw na adultong programa. Inimbitahan din akong mag-host ng booth kasama ang ilang kasamahan sa kaganapan sa mga Palaro sa Taglagas ng Espesyal na Olympics (Special Olympics Fall Games). At ang pinaka-kamakailan, isa sa aming mga Tagapagtaguyod ng Kliyente, si Jacob Miller, at ako ay inimbitahan na magbigay ng isang talumpati sa mga mag-aaral sa ikalawang taon sa bagong dental na paaralan sa aming lugar, California Northstate University, tungkol sa mga hadlang na kinakaharap ng aming mga kliyente kapag naghahanap ng mga serbisyo sa ngipin.

MAPANGALAGANG KINABUKASAN - ANG ARC NG CALIFORNIA MGA BILINGWAL NA WEBINAR AT KLASA SA PAGPAPLANO NG KINABUKASAN

CaringFutures
A community of sharing & strength

Futuros y Esperanza
Una comunidad de intercambio y fortaleza

Nais ng ACRC na hikayatin ang mga magulang at tagapag-alaga na lumahok sa mga susunod na klase sa pagpapalano at mga webinar na magagamit nang libre sa Ingles at Espanyol mula sa The ARC of California. <https://www.caringfutures.org/> o <https://www.futurosyesperanza.org/>. Ang proyektong ito na pinondohan ng gawad ay mahusay na nakaayon sa Inisyatiba sa Pinag-ugnay na Pagpapalano sa Hinaharap (Coordinated Future Planning Initiative) ng ACRC <https://www.altaregional.org/coordinated-future-planning>

INIHAHATID NG KOMITE SA PAGPAPAYO SA KLIYENTE ANG PAGKILALA AT PAGBATI

Nagsagawa ng pagkikita at pagbati (meet and greet) ang CAC ng ACRC bago ang kanilang pulong noong Nobyembre. Ang mga miyembro ng CAC ay nagbigay ng pangkalahatang ideya ng gawain ng komite at nag-imbita ng mga bisita na sumali. Kung interesado kang matuto nang higit pa, pakibisita ang <https://www.altaregional.org/client-advisory-committee-cac>



GAWAD SA AKSES SA WIKA AT KULTURAL NA KAKAYAHAN IBINIGAY SA SACRAMENTO STATE



Binigyan ng ACRC ang Sacramento State ng gawad para sa isang makabagong proyekto na nakatuon sa pagtatagumpay sa mga hadlang sa Pinagsama-samang Trabaho sa Komunidad (Community Integrated Employment o CIE) para sa mga mamimili ng Latinx sa aming sakop na lugar ng 10 county. Sa target na 540 na mga mamimili na nasa hustong gulang, ang proyekto, na pinamumunuan ng Kagawaran ng Mga Agham ng Komunikasyon at Karamdaman (Communications Sciences & Disorders Department), ay susuriin ang mga karamdaman sa komunikasyon at mga salik sa kultura/sosyo-ekonomiko sa 50 boluntaryong kliyente, na naglalayong tukuyin at tugunan ang mga pagkakaiba sa CIE. Ang inisyatiba na ito, na umaayon sa Estratehikong Plano ng ACRC at maaaring kopyahin sa ibang mga sentrong pangrehiyon, ay may potensyal na makabuluhang taasan ang paglahok ng CIE, makinabang sa mga minoryang kulang sa serbisyo at suportahan ang mga prioridad sa pagtatrabaho ng estado.

Sa pakikipagtulungan sa ACRC, si Dr. Heather Thompson, isang kampeon ng pagkakapantay-pantay at pakikipag-ugnayan sa komunidad, at si Dr. Louis Vismara, isang dalubhasa sa ASD at pampublikong patakarán, ay mangunguna sa proyekto. Kasama sa pakikipagtulungan ang ACRC sa pangangalap ng kalahok, pag-abot sa komunidad, at komprehensibong pagsusuri ng mga natuklasan at rekomendasyon. Ang pagbabagong pagsisikap na ito ay hindi lamang tumutugon sa kagyat na pangangailangan para sa pantay na mga oportunidad sa trabaho ngunit nag-aambag din sa mas malawak na mga layunin ng hustisyang panlipunan, na nagsusulong ng mga inklusibong espasyo at kultural na pag-unawa.



ARAW NI SANTA 2023

Nagsimula ang Araw ni Santa (Santa Day) ilang dekada na ang nakalipas bilang isang espesyal na araw para sa aming mga kliyente na magkaroon ng isang ligtas na kapaligiran kung saan maaari silang magsaya at kumuha ng libreng larawan kasama si Santa Claus. Ang tema ng taong ito ay **Pagdiriwang ng mga Tradisyon ng Pagdiriwang sa Buong Mundo**. Natutunan ng aming mga kliyente ang tungkol sa iba pang mga tradisyon ng pagdiriwang na ito, lumahok sa mga aktibidad sa bawat booth at nakatanggap pa nga ng kaunting bagay na maiuuwi tungkol sa bawat tradisyon ng kultura/pagdiriwang. Daan-daang kliyente at pamilya ang nagtungo sa tanggapan ng ACRC Sacramento sa kabuuan ng araw. Maraming dumalo ang nagpahalaga sa bagong silid ng pandama (sensory room). Isang espesyal na pasasalamat ang ipinaabot ng ating Santa Committee para sa kanilang buong taon na paghahanda at pangangalap ng pondo para sa kaganapang ito at sa ating maraming mga boluntaryong kawani.




PAGREREPASO NG NAKARAANG TAON SA MGA MAPAGKUKUNAN NG PAG-UNLAD

Habang lumalaki ang aming ahensya, lumalaki din ang mga pangangailangan ng mapagkukunan ng mga kliyente ng sentrong pangrehiyon at kanilang mga pamilya. Bagama't bumagal ang pag-unlad ng bagong mapagkukunan sa ilang lugar ng mga serbisyo sa kapansanan dahil sa pandemya ng COVID19, nagsisimula kaming makakita ng mas maraming aplikante na kumukumpleto sa pagbebendedor. Patuloy kaming nakakaranas ng matatag na pasilidad ng pangangalaga sa tirahan (21) paglago; ngayong taon nagdagdag kami ng malaking bilang ng mga kumpanya ng transportasyon (15) din.

Mga Kodigo ng Serbisyo na may pinakamalaking paglago nitong 2023

- 915 - Pasilidad ng Pang-adultong Tirahan
- 875 - Kumpanya ng Transportasyon
- 707 - Patolohiya sa Pagsasalita
- 520 - Programa sa Independyenteng Pamumuhay
- 896 - Mga Serbisyo sa Sinusuportahang Pamumuhay
- 055 - Pang-araw ng Serbisyo na Base sa Komunidad
- 099 - Mga Suporta na Nakatuon sa Sarili
- 785 - Klinikal na Sikolohista
- 096 - Pasilidad na Pangmatanda
- 102 - Magulang at Indibdwal Pagsasanay
- 113 - Espesyalidad Residensyal na Pasilidad
- 773 - Okupasyonal na Terapiya
- 455 - Miyembryo ng Pamilya sa Pang-araw na Pangangalaga
- 008 - Kapisanan sa Palakasan
- 048 - Maagang Paggamot sa Autism
- 062 - Personal na Tulong
- 076 - Pinag-ugnay na Suporta sa Pamilya
- 772 - Pisikal na Terapiya
- 902 - Tahanan ng Krisis sa Komunidad
- 034 - Pangangasiwa ng Pananalapi
- 115 - Espesyalidad Terapiya Serbisyo sa edad 3-20
- 117 - Espesyalidad Terapiya Serbisyo sa edad 21+
- 505 - Sentro ng Aktibidad
- 510 - Sentro ng Pang-adultong Pag-unlad



Mga Bagong Tagapagkaloob ng Serbisyo ayon sa Taon

- (2017 - 190)
- (2018 - 185)
- (2019 - 184)
- (2020 - 165)
- (2021 - 149)
- (2022 - 188)
- (2023 - 252)

MGA PAGRERETIRO NG KAWANI

Sisimulan ng ACRC na kilalanin ang mga nagretiro na sa ating ahensya. Pinasasalamatan namin ang mga kawani na ito para sa kanilang mga taon ng serbisyo at dedikasyon sa aming misyon at pananaw.

- Lisa Wright** - Espesyalista sa Pagtanggap - Sacramento 10/6/23;
- Denise Ingalls-Knott** - Yunit ng ma Kabataan - Sacramento 11/3/23;
- Karen Partch** - Tanggapan sa Grass Valley - 12/7/23;
- Cid Van Koersel** - Yunit ng Pagsasanay - 12/28/23;



SISIMULAN NG ACRC ANG SUNOD NA BAHAGI NG PAGREREPASO SA HCBS



Mga Espesyalista sa HCBS
Aliesia Gautschi, Marti Eason, and
Kylee Draper

Ang Mga Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services o HCBS) waiver ay isang programa ng Medicaid na nagpapahintulot sa mga estado na magbigay ng mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga sa mga indibidwal sa kanilang mga tahanan o mga kapaligiran ng komunidad sa halip na sa mga institusyonal na pasilidad. Nilalayan nitong suportahan ang mga taong may kapansanan at matatandang indibidwal, itaguyod ang kalayaan at kalidad ng buhay sa labas ng mga tradisyonal na institusyon ng pangangalaga. Ang pagbibigay ng mga serbisyong ito ng mga bendedor ng ACRC ay dapat na umayon sa mga pederal na kinakailangan.

Inatasan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) ang mga Rehiyonal na Sentro na kumpletuhin ang sa lugar na pagsusuri sa lahat ng kapaligiran ng HCBS para maberipika ang kanilang buong pagsunod at pagpapatupad ng mga kinakailangan sa mga kapaligiran ng HCBS bago ang Agosto 31, 2024. Sa panahon ng sa-lugar na pagsusuri, dapat iberipika ng mga sentrong pangrehiyon na ang lahat na nauugnay na pederal na kinakailangan ay natutugunan.

Ang mga tauhan ng ACRC ay nakikipagtulungan sa mga tagapagbigay ng serbisyo upang gumawa ng mga pagsisikap na agad na ayusin ang anumang mga natuklasan sa panahon ng pagbisita sa pagsubaybay tulad ng paghingi ng puna mula sa mga indibidwal na pinaglilingkuran kung paano maaaring itama ang mga bahagi ng hindi pagsunod, pagkumpleto ng pagsasanay at/o mga kawani ng pagsasanay sa mga pederal na kinakailangan at nakasentro sa sentro sa pagpapalano ng serbisyo, o pagsasapanahon ng anumang sumasalungat na dokumentasyon upang suportahan ang buong pagpapatupad ng mga pederal na kinakailangan.

Ang ACRC ay may humigit-kumulang na 500 na tagapagkaloob ng serbisyo na susuriin bago ang Agosto 31, 2024. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang

<https://www.dds.ca.gov/initiatives/cms-hcbs-regulations/>

TAMPOK NA PAGLALARAWAN NG ALAGAD NG SINING - MORGAN MARJERSON

Si Morgan Marjerson ay dumalo sa Placer ARC Studio 700 sa loob ng mahigit 6 na taon. Nasisiyahan si Morgan sa iba't ibang disiplina sa sining, ang ilan sa mga ito ay kinabibilangan ng mga keramika, paggawa ng alahas, pananahi, pagpipinta, at tatlong-dimensyonal na disenyo. Si Morgan ay may napakasiglang saloobin tungkol sa kanyang likhang sining. Ang kanyang positibong pananaw ay nakuha mula sa iba't ibang mga inspirasyon na kinabibilangan ng pamilya, Walt Disney (mga pelikula, animation, at mga karakter), Kalikasan, at iba pang mga alagad ng sining na nagpapasigla sa kanyang hilig na lumikha.

Kung interesado kang bumili ng alinman sa sining ni Morgan, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa Studio 700 Katulong na Direktor ng Programa (Assistant Program Director) na si Sheldon Schear sa sheldons@placercarc.org.



Neighborhood
Center of the Arts
Arts • Advocacy • Opportunity



Komisyon sa mga Serbisyo sa Pagtanda at mga Matanda ng Yolo County



DD/ID Task Force ng mga Tagapag-alaga sa Pagtanda

Tandaan ang Petsa - 2024 Mga Pulong sa Town Hall

Mangyaring lumahok sa Superbisor na si Jim Provenza, Alta California Regional Center at kawani ng Yolo County para sa isang pag-uusap tungkol sa mga pangangailangan ng mga tumatanda na tagapag-alaga ng mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa intelektwal at pag-unlad sa Yolo County

Lahat ng pagpupulong alas
5:30 ng hapon - alas 7:00 ng gabi

3 mga pulong sa personal - 1 pulong na birtuwal

Walang magagamit na hybrid na opsyon para sa mga paparating na mga pulong.

Ang mga personal na pagpupulong at birtuwal na Town Hall sa Zoom ay magkakaroon ng American Sign Language at Spanish na pagsasalin.

Pebrero 22, 2024 - Sentro ng Komunidad ng West Sacramento

1075 W Capitol Ave, West Sacramento, CA 95691

Marso 14, 2024 - Sentro ng Komunidad ng Winters

201 Railroad Ave, Winters, CA 95694

Abril 3, 2024 - Sentro ng Kalusugan at Komunidad ng Esparto-Capay Valley

17340 Yolo Ave, Esparto, CA 95627

Abril 25, 2024 - Birtuwal na Pulong sa pagbabahagi ng mga natuklasan at input (susunod ang link ng pagpaparehistro)

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan kay Sheila Allen 530 666-5583
sheila.allen@yolocounty.org

Mga larawan mula sa mga pulong sa Town Hall noong 2023 sa Davis at Woodland



MAAGANG SIMULA NA EKSIBISYON SA TRABAHO



INI-SPONSOR NG ARPA BAHAGI C INISIYATIBO

Alta California

Regional Center

Ang aming layunin aykumonekta sa mga taga-empleyo at mga naghahanap ng trabaho na mga propesyonal sa lahat mga antas. Kung interesado ka sa isang trabaho na naglilingkod sa mga sanggol at maliliit na bata sa Early Start, mangyaring sumali sa amin! Maraming bakante na trabaho sa mga tagapagkaloob na naglilingkod sa mga pamilya at kabataan, kabilang ang mga sanggol hanggang edad 3, na nakakaranas ng mga pagkaantala sa pag-unlad.



Pebrero 23, 2024
alas 10 ng umaga –
alas 2 nga hapon

2241 Havard St #100
Sacramento
The Brenda Smith Room